

Maging Handang RedCross

Checklist sa Kaligtasan sa Buhawi

Ang buhawi ay isang marahas na umiikot na hanay ng hangin mula sa dulo ng ulang may kulog at kidlat papunta sa lupa. Ang lakas ng mga buhawi ay kin klasipika base sa Iskalang Fujita na may antas sa pagitan ng F0 (pinakamahina) hanggang F5 (pinakamalakas). Kaynutin ang mga puno at ihagis ang mga bagay sa ere na parang nakamamatay na mga missile. Bagaman ang matitinding buhawi ay mas karaniwan sa mga Estadong Plain, ang mga buhawi ay naulat sa bawat estado.

Alamin ang Kaibhan

Pagbabantay ng Buhawi

Ang mga buhawi ay posible sa at malapit sa binabantayang mga lugar. Repasuhin at pag-usapan ang inyong mga plano sa emerhensiya at suriin ang inyong mga supply at ang kuwartong pangkaligtasan. Maging handa na kumilos nang mabilis kung may babalang naibigay o kung nagsususpetsa ka na may buhawing paparating. Ang maagang pagkilos ay nakakatulong na makapagsalba ng buhay!

Babala sa Buhawi

Ang buhawi ay nakita o natukoy ng radar ng panahon. Ang mga babala sa buhawi ay tumutukoy sa paparating na peligro sa buhay at ari-arian. Pumunta agad sa ilalim ng lupa o silong, silong para sa bagyo o gitnang kuwarto (kabinet, daanan o banyo).

Ano ang aking dapat gawin upang maghanda para sa buhawi?



- Tuwing umuulan, makinig sa lokal na balita o NOAA Weather Radio upang manatiling nakakaalam tungkol sa mga pagbantay at mga babala.
- Alamin ang sistema sa babala ng inyong komunidad. Ang bawat komunidad ay may sariling paraan sa pagbabala sa mga residente tungkol sa mga buhawi, karamihan ay may mga sirena na para sa panlabas na babala.
- Pumili ng ligtas na kuwarto sa inyong tahanan kung saan ang mga miyembro ng bahay at mga alagang hayop ay maaaring magsama-sama kapag may buhawi. Dapat ito ay silong, storm cellar o panloob na kuwarto sa pinakamababang palapag na walang bintana.
- Magsanay ng panapanahong drill sa buhawi para alam ng lahat kung ano ang gagawin kapag may buhawing paparating.
- Isaalang-alang na patibayin ang inyong ligtas na kuwarto. Ang mga plano sa pagpapatibay sa panloob na kuwarto ay mahahanap sa Web site ng FEMA sa <http://www.fema.gov/plan/prevent/rms/rmsp453.shtm>.
- Maghanda sa malalakas na hangin sa pamamagitan ng pag-alis ng maysakit at sirang mga sangay ng mga puno.
- Ilipat o siguruhin ang muwebles sa damuhan, mga basurahan, nakasabit na mga tanin o anumang maaaring liparin at makasakit.
- Magmasid para sa mga peligrong senyales ng buhawi:
 - Maitim, kadalasan berdeng mga ulap—pangyayaring dulot ng hail
 - Dingding ng ulap—nakahiwalay na pagbaba ng ilalim ng ulang may kulog at kidlat
 - Ulap ng mga sukal
 - Malaking hail
 - Embudong ulap—isang nakikitang umiikot na ekstensiyon ng ilalim ng ulang
 - Umuugong na tunog

Ano ang aking dapat gawin kung papalayo na ang buhawi?



- Ang pinakaligtas na lugar na puntahan sa silungang nasa ilalim ng lupa, silong o ligtas na kuwarto.
- Kung walang silungang nasa ilalim ng lupa or ligtas na kuwarto, ang maliit na walang bintanang panloob na kuwarto o daanan sa pinakamababang palapag ng isang matibay na gusali ay ang pinakamahusay na alternatibo.
 - Ang mga mobile na tahanan ay hindi ligtas pag may buhawi o ibang malalang paghangin.
 - Huwag sumilong sa daanan o banyo ng isang mobile na tahanan.
 - Kung makakapunta ka sa isang matibay na silungan o behikulo, iwan agad ang inyong mobile na tahanan.
 - Pumunta agad sa pinakamalapit na matibay na gusali o silungan at gamitin ang inyong seat belt kung nagmamaneho.
 - Huwag hintayin bago mo makita ang buhawi.
- Kung inabutan ka sa labas, magtago sa silong, silungan o matibay na gusali. Kung hindi ka makasilong, ayon sa kamakailang pag-aaral1 maaari kang:
 - Sumakay sa behikulo, isara ang inyong seat belt at subukang magmaneho nang kanang anggulo sa galaw ng ulan at papalayo sa dadaanan nito.
 - Kung ang malakas na hangin at lumilipad na mga sukal ay naganap habang nagmamaneho ka, tumabi at huminto, panatiliing nakasara ang seat belt at umaandar ang makina:
 - Ibaba ang inyong ulo mas mababa sa mga bintana, takpan ito nang inyong mga kamay at kumot kung posible.
 - Kung hindi ka makapunta sa gusali o behikulo, bilang panghuling gagawin, humiga sa isang malalim na lugar o butas at takpang ang inyong ulo gamit ang inyong mga kamay.
 - Ang inyong pipiliin ay depende sa inyong partikular na kalagayan.

Ano ang aking gagawin matapos ang buhawi?



- Patuloy na makinig sa lokal na balita o sa NOAA Weather Radio para sa bagong impormasyon at tagubilin.
- Kung wala ka sa bahay, bumalik lamang kung sinabi ng mga awtoridad na ligtas na.
- Magsuot ng pantalon o kamisetang mahaba ang manggas at matibay na sapatos kapag sinusuri ang inyong mga dingding, pintuan, hagdanan at mga bintana para sa sira.
- Magmasid para sa mga natumbang linyang koryente at iulat agad ito sa kompanya ng utility.
- Lumabas sa mga sirang gusali.
- Gumamit ng de-bateryang mga flashlight kapag sinusuri ang mga gusali—HUWAG gumamit ng mga kandila.
- Kung nakakaamoy ka ng gas o nakakarinig ng paghihip o sumisitsit na tunog, magbukas ng bintana at palabasin lahat sa gusali agad at tumawag sa kompanya ng gas o kagawaran ng sunog.
- Kunan ng litrato ang mga nasira, ang gusali at nilalaman nito, para sa pagsingil sa seguro.
- Gamitin lang ang telepono para sa mga emerhensiyang tawag.
- Panatiliin lahat ng inyong mga hayop sa ilalim ng inyong pangangasiwa.
- Linisin ang natapon na gamot, mga bleach, gasolina o ibang madaling lumiyab na mga likido na maaaring pagmulan ng sunog.
- Magsuri para sa pinsala. Kung nasanay ka, magbigay ng paunang lunas sa mga taong nangangailangan hanggang dumating ang mga tumutugon sa emerhensiya.

Ipaalam sa Inyong Pamilya na Ikaw ay Ligtas

Kung ang inyong komunidad ay nakaranas ng buhawi, o anumang sakuna, magrehistro sa American Red Cross Safe and Well na Web site makukuha sa pamamagitan ng RedCross.org/SafeandWell upang ipaalam sa inyong mga pamilya at mga kaibigan ang inyong kapakanan. Kung wala kang access sa Internet, tumawag sa 1-866-GET-INFO upang irehistro ang inyong sarili at ang pamilya mo.



American Red Cross

Para sa higit pang impormasyon sa sakuna at pagkahanda sa emerhensiya, bumisita sa RedCross.org.